



Tatlong taon na ang nakalilipas mag-buhat ng maganap ang Napakalakas na lindol sa silangang Parte ng Hapon at ang sakunang naganap sa Tokyo Electric Power Planta ng Nukleyar Daiichi. Ang prepektura ng Fukushima ay nagsusumikap na gumawa ng hakbang para mapasigla at makabangon sa naganap na sakuna. Ang Fukushima International Association ,ay naglunsad ng asosasyon para mamahala sa pag papamalita tungkol sa ganap sakuna (Jairo) at ang 「MAGKA-ISA Fukushima」 ay naipublished,

Nakalathala dito ang mga balita kung ano ang nagaganap sa ngayon sa prepektura ng Fukushima , kung ano ang mga aktibidadis na nagaganap sa asusasyong pandaigdigang sa loob ng prepektura at ang mga tinig galing sa mga naninirahang mga banyaga dito sa Fukushima ay kanilang inilalahad.

※Ang original na mga artikulo, sa homepage ng Fukushima International Association ay puwedeng download .

Fukushima Scenery

Ang muling pag papatuloy ng Fukushima • Thailand exchange program (Lungsod ng Fukushima, Lunsod ng Shirakawa)

Sponsorado ng Asosasyon ng Fune At Tsubasa Fukushima ay nag tanghal ng 「Ika-anim na beses Yumekikaku Fukushima • Thailand exchange program」 na ginanap noong buwan ng Mayo 29 (Huwebes) hanggang buwan ng Hunyo 1 (Linggo). Umpisa noong taon ng 2007 taon-taon ay ginaganap ang nasabing okasyon, ngunit dahil sa naganap na sakuna sa Fukushima ito ay natigil, at ngayong taon ay muli itong isinagawa. Ngayong taon sampung mga kabataan galing Thailand ang inimitahan, ipinaranas sa kanila ang pag tira sa bahay ng mga Hapones, ang pag-aaral ng wika ng Hapones , ang pakikisalamuha sa mga kabataan ng nasabing lugar. At saka bumisita sila sa Paaralang Elementarya ng Omori sa lunsod ng Fukushima, kung saan nakipagpalitan sila ng kuro-kuro sa wikang Englis sa mga estudyante ng ika- 5 at 6 na grado at nakipag laro. Ang pakikisalamuha ng mga estudyante sa mga kabataan ng Thailand ay tinapos sa pagkanta ng may action song at naging maganda ang dating nito sa mga estudyante ng paaralan.



Fukushima- shi Omori Elementary School kuha kasama ang mga estudyante ng ika- 5 • 6 grado ng paaralan

Sumusulong samahang Hawak Kamay (lunsod ng Fukushima)



Ang samahan ng mga naninirahang Filipina dito sa Fukushima 「Hawak Kamay」 ay nag isponsor ng international exchange event sa downtown ng lunsod ng Fukushima noong buwan ng Mayo 11 (Linggo). Mayroong lugar ang host ng nasabing okasyon, ang grupo ng international exchange ng lunsod ng Fukushima na may display sa tolda at mga pagkain para ibinta at mga aktibidadis ng bansa ay ipinakilala sa pagtatanghal. Ang Fukushima International Association ay nagtayo din ng tolda, tatlong

banyagang taga suporta ay nagprepara ng mga pandaigdigang tanong para sa mga manunuod at ito ay naging kalugod-lugod. Sa pinaka gitna ng lugar kung saan ginanap ang okasyon ay nagtayo ng entablado, Kung saan ang mga partisipante ay kumanta, sumayaw ng hula dance at beri dance, at ang mga Filipina naman ay sumayaw ng sayawing pambayan.

Ang presidente ng 「Hawak Kamay Fukushima」 na si Ginang Lyn Okura ay nagbigay ng salita na 「Sa pamamagitan ng okasyon, nais kung pasiglain ang Fukushima sa hinaharap」 .

Ang pinagsamang leksyon para sa biktima ng lindol at mga kaalaman para sa darating na mga sakuna (Lunsod ng Soma)

Sa lunsod ng Soma 「Michi no Eki Soma」 ay naglagay ng lugar para sa disaster information transmission, kung saan ang mga pinagsama-samang litrato at panel noong maganap ang nasabing sakuna at ng matapos maganap sakuna ay naka-paskil. At saka ang mga sinalanta ng tsunami tulad ng road sign ng kalsada, relo, desk, ang kuha ng nabaluklot na bahagi ng tulay, na nailalarawan kung gaano nakasisindak ang nangyari ng lumindo at nagka-tsunami.



kuha ng nabaluktot na road sign dahil sa tsunami



Tinig ng mga naninirahan dito sa Fukushima


Mr. Williakiston Rekrit (galing Thailand na kasalukuyang naninirahan sa Fukushima)

Makalipas ang isa at kalahating taon ng paninirahan niya dito sa Japan noong taon ng 2011 buwan ng Abril, nag-enroll siya sa high school dito sa lunsod ng Fukushima. Noong umpisa ay alangan siya sa pakikisalamuha sa kapwa, desprado kung makasusunod ba siya sa leksyon sa eskwulahan dahil wikang Hapon ang gamit, ngunit sa tulong ng mga mabubuti niyang naging kaibigan natapos niya ang tatlong taong pag-aaral sa high school. Ngayong taon ng Abril ay nakapasok siya sa trabaho, panibagong pakikisalamuha at pakikisama araw-araw. Dati-rati kapagka may problemang darating ay umiiwas siya palagi o tinatakbuhan niya ito. Ngunit sa naranasan niya noong maganap ang sakuna ng lindol at tsunami natutunan niya na kahit ano ang mangyari kailangang harapin mo ang mga suliranin at dapat lutasin para makarating sa hinaharap. Para sa mga kabataang nakararanas na tulad ng aking naranasan, nais kung makapagpayo sa kanila at gawing basihan ang aking naging mga karanasan na sana ay makatulong sa kanila.



Mrs. Mitani Maria

(isang Pilipina na kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Fukushima)



Simula ngayong taon ng tag-sibol (spring) nag-umpisang mamasukan bilang isang tagapayo sa wikang Pilipino sa Fukushima International Association. Mahigit dalawampung taon na siyang naninirahan dito sa Fukushima, kaya kapag siya ay uuwi sa sinilangan niyang bansa (Pilipinas) pakiramdam niya ay para siyang dahuyan dahil sa napakaraming pagbabagong nagaganap dito. Nag-nanais siyang makasagot sa malumanay na pananalita at makatulong sa mga pangangailangan ng mga kababayan niyang nangangailangan ng tulong. Sa naganap na sakuna naging nerbyosa siya sa lahat ng bagay, ngunit sa tulong ng mga kaibigan, kababayan, at pamilya paun-unti ay nabago ang pananaw niya sa buhay. Ngayon araw-araw ay abala siya sa trabaho, gawaing bahay, at pag-aasikaso sa mga anak, ngunit sa kabila ng lahat nakuha parin niyang magkaroon ng kapayapaan sa sarili at natutunan niyang enjoyin ang pagiging abala sa lahat ng bagay.

Won Chang Sob (isang Koreano na kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Fukushima)

Taon ng 2006 summer estudyante pa siya sa high school, naranasan niyang manirahan ng isang buwan dito sa Fukushima. Sa kaniyang paninirahan dito maganda ang naging impresyon niyang sa tinuluyan niyang pamilya at sa mga taong nakilala niya na pinakisamahan siya at inasikaso ng mabuti. Kaya ng umuwi siya sa kaniyang bansa ay ninais niyang makapag-aral at makapag-trabaho dito sa Japan. Binalak niyang mag-enroll sa Japan at hindi sinasadyang sa Unibersidad ng Fukushima siya nakapasok na ikinagalak niya ng lubos.



Dahil sa military service dalawang taon siyang namahinga sa pag-aaral, ngunit ngayong taon buwan ng Abril ay nakabalik na muli siya sa Unibersidad. Nagsimula muli ang pamumuhay niya sa Japan, ang wika, ang kultura at ang kaugalian kung saan marami siyang natutunan at sa tulong nito ay napapansin niya ang kaniyang kakulangan at natutunan din niya na napakahalaga ng patuloy na pagsusumikap at ang pagkakaroon ng ambisyon sa buhay.

Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima
Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English, Intsik at Hapon. At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog, Koreano, at Portuges.

Unit : mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
normal na halaga	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2014.6.24 9:00	0.26	0.14	0.10	0.07	0.05	0.12	0.09
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuunan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

FIA Impormasyon

○Senter para suportahan ang mga banyagang kabataan sa Fukushima impormasyon

Para sa mga naninirahan dito sa Prepektura ng Fukushima na mga banyaga, ipinanganak sa ibang bansa, o kaya naman ay banyagang magulang, para mapalawak ang sistemang pagsuporta sa banyagang wika at kultura ng kabataan nag lunsad ng senter para unawain ang mga suliranin nito. Please feel free sa pagkontak para himingi ng payo at sa pag gamit nito.

TEL : 024-524-1315 E-mail : kodomo@worldvillage.org

Publisher Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org URL : http://www.worldvillage.org